

## INTERNATIONAL NAPASA (July 2nd, 2024)

### 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG MAYO SA LOOB NG SIYUDAD

5月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Mayo ay nagkaroon ng kabuuang 28 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Amanuma, na may 5 kaso at sa Nakahara at Hiratsuka na may 2 kaso. Kahit na nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng **CABLE LOCK** na mabibili sa mga **HOME CENTER**.

Nagkaroon rin ng 1 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang Motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagin rin ng kandadong panlaban sa mga magnanakaw.

### 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa July 14 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **JUBILO IWATA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

### 3)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG AGOSTO

8月から始まるスポーツ教室のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **AEROBICS,TAICHI EXERCISES** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa July 12 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

### 4)PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang **"TANABATA FESTIVAL"** sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 5

(Friday) hanggang July 7 (Sunday). At mula July 7 ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng ***“INTERNATIONAL EXCHANGE SALON”*** sa Hachimanyama no Yokan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat’s Cradle at Japanese Chess (Shogi) . At masisiyahan din sa pagpapaetrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba. Dadalo rin ang ilang mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***“INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION”*** Executive Office ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.